

# NAPLAN Online – impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga



2020

## Ang iyong anak ay kukuha ng NAPLAN na online na mga pagsusulit sa 2020

Napagkasunduan ng mga ministro ng edukasyon sa pederal, estado at teritoryo na lahat ng mga paaralan ay dahan-dahang lilipat sa NAPLAN Online mula sa kasalukuyang nasa papel na NAPLAN upang makapagbigay ng mas mahusay at mas tumpak na pagtatasa na mas nakakaengganyo para sa mga estudyante.

Magpapasya ang mga awtoridad ng edukasyon sa estado at teritoryo kung kailan lilipat ang kanilang mga paaralan sa online. Ang kasalukuyang plano ay lilipat ang lahat ng mga paaralan sa NAPLAN Online bago sumapit ang 2021.

Isa sa mga benepisyo ng NAPLAN Online ay ang naisusukat (o naiaakma) na pagsusulit, kung saan ang pagsusulit ay nagpapakita ng mga tanong na may mas mataas o mas mababang kahirapan (complexity) depende sa paggampam ng estudyante.

Ang naisusukat (o naiaakma) ng pagsusulit ay dinisenyo upang matasa ang mas malawak na hanay ng mga kakayahan ng estudyante at masukat nang mas tama ang naabot ng estudyante. Ang iyong anak ay hindi dapat mag-alala kung mas mapanghamon kaysa dati para sa kaniya ang mga tanong; maaaring kumukuha sila ng mas kumplikadong tunguhin ng pagsusulit. Ang pangkalahatang marka sa NAPLAN ng estudyante ay batay sa bilang at pagiging kumplikado ng mga tanong na nasagot nila nang tama.

## Bakit kumukuha ang mga estudyante ng NAPLAN?

Ang National Assessment Program – Literacy and Pagbilang (NAPLAN) ay nagtatasa ng mga kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang na mahalaga upang ang bawat bata ay umunlad sa paaralan at buhay.

Ang mga estudyante sa Year 3, 5, 7 at 9 ay lalahok sa taunang mga NAPLAN na pagsusulit sa pagbasa, pagsulat at mga pamantayan sa wika (pagbaybay, balarila at pagbantas) at pagbilang.

Ang pagtatasa ay nagbibigay sa mga magulang at mga paaralan ng kaalaman kung paano gumagampan ang indibidwal na mga estudyante sa oras ng mga pagsusulit. Ang NAPLAN ay isa lamang aspeto ng proseso ng pagtatasa at pag-uulat ng paaralan – hindi ito hahalili sa kasalukuyang mga pagtatasa na ginagawa ng mga guro tungkol sa paggampam ng estudyante.

Ang NAPLAN ay nagbibigay din ng impormasyon sa mga paaralan, mga awtoridad ng edukasyon at mga pamahalaan kung paano gumagana ang mga programa ng edukasyon at kung nakakamit ng mga batang Australyano ang mahahalagang kalalabasan sa edukasyon sa pagbasa, pagsulat at pagbilang.

## Ano ang tinatasa ng NAPLAN?

Tinatasa ng NAPLAN ang mga kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang na natutunan ng mga estudyante sa kanilang regular na kurikulum sa paaralan. Lahat ng mga awtoridad sa edukasyon na pampamahalaan at di-pampamahalaan ay nag-ambag sa pagbuo ng mga materyal sa NAPLAN.

Dahil ang mga estudyante ay tinatasa sa parehong nilalaman ng kurikulum sa pagbasa, pagsulat at pagbilang, kahit pa tinapos nila ang pagsusulit sa online o sa papel, ang mga resulta ng dalawang format ay maaaring iulat sa iisang eskala ng pagtatasa ng NAPLAN. Upang malaman ang higit pa tungkol sa NAPLAN Online, bisitahin ang [nap.edu.au](http://nap.edu.au)

## Paaano ko matutulungang maghanda ang aking anak?

Kung ito lamang, ang NAPLAN ay hindi isang pagsusulit na maaaring aralin at ang mga estudyante ay hindi inaasahang gawin ito.

Tulungan ang iyong anak na maghanda sa pamamagitan ng pagpanatag sa kanilang kalooban na ang NAPLAN ay isang bahagi lamang ng programa ng kaniyang paaralan, at paalalahanan siya na gawin ang lubos niyang makakaya sa araw na iyon.

Hindi inirekomenda ng ACARA ang sobra-sobrang paghahanda para sa NAPLAN o ang paggamit ng mga serbisyo ng mga pribadong tagapagturo.

Ang paniniguro na ang mga estudyante ay pamilyar sa paggamit ng mga device, pag-type sa mga ito at pag-navigate sa mga programa ay bahagi ng pagkatuto ng estudyante at isang rekesito sa Australyanong Kurikulum mula sa unang taon sa paaralan.

Ang NAPLAN Online ay hindi isang pagsusulit sa mga kakayahan sa keyboard. May mga pagkakaiba sa bilis at husay sa pag-type ng estudyante – gaya ng pagkakaiba-iba sa bilis at husay sa pagsulat sa kamay ng estudyante. Kukupletuhin ng mga estudyante sa Year 3 ang pagsusulit sa pagsulat sa papel.

Titiyakin ng mga guro na ang mga estudyante ay pamilyar sa mga uri ng mga tanong sa pagsusulit at magbibigay ng naaangkop na suporta at gabay.

Tingnan ang uri ng mga tanong at kaugnay na mga paggamit (functionalities) na makukuha sa NAPLAN Online na pagtatasa sa [nap.edu.au/online-assessment/public-demonstration-site](http://nap.edu.au/online-assessment/public-demonstration-site)

## Paglahok sa NAPLAN

Lahat ng mga estudyante sa Year 3, 5, 7 at 9 ay inaasahan na lalahok sa taunang NAPLAN na pagtatasa. Ang mga estudyante na may kapansanan ay maaaring kwalipikado para sa mga pag-aakma na sasalamin sa suporta na kadalasang ibinibigay para sa mga pagtatasa sa silid-aralan. Dapat mong talakayin sa guro ng iyong anak ang paggamit ng anumang mga pag-aakma para sa iyong anak.

Ang estudyante na may kapansanan na matinding naglilimita sa kanyang kakayahan na lumahok sa pagtatasa, o ang estudyante na dumating kamakailan sa Australya at nagmula sa bansang hindi nagsasalita ng Ingles, ay maaaring mabigyan ng pormal na exemption.

Ang iyong punung-guro sa paaralan at lokal na awtoridad sa pamamahala ng pagsusulit ay maaaring magbigay sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga natatanging probisyon o sa proseso na kinakailangan upang mabigyan ng pormal na exemption.

## Paano kung ang aking anak ay lumiban sa paaralan sa mga araw ng NAPLAN?

Hangga't maaari, aasikasuhin ng mga paaralan na makumpleto ng indibidwal na mga estudyante na lumiban sa oras ng pagsusulit ang mga nakaligtaang pagsusulit sa ibang oras na nasa iskedyul ng pagsusulit sa paaralan. Ang mga indibidwal na estudyante ay hindi pinapahintulutan na kumuha ng NAPLAN Online na pagsusulit makaraan ang Biyernes 22 Mayo 2020.

## 2020 iskedyul ng NAPLAN Online

Ang panahon ng pagtatasa para sa NAPLAN Online ay siyam na araw imbes na tatlong araw gaya ng nakalaan para sa pagsusulit sa papel. Ito ay upang bigyan ang mga paaralan ng kakayahang iangkop ang iskedyul at pagbigyan ang mga paaralan na mas kaunti ang mga device.

Ang panahon ng NAPLAN Online na pagtatasa ay bukas mula Martes 12 Mayo hanggang Biyernes 22 Mayo 2020.

Ang mga rekesitos sa pag-iskedyul ng online na pagsusulit ay nakadetalde sa talaan sa ibaba.

## Paano inuulat ang paggampan ng aking anak?

Ang paggampan ng indibidwal na estudyante ay ipapakita sa pambansang eskala ng paggampan para sa bawat pagtatasa. Ang resulta sa pambansang minimum na pamantayan ay nangangahulugan na ang estudyante ay nagpamalas ng batayang mga kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagbilang na kailangan upang lubos na makalahok sa antas ng pag-aaral na iyon.

Ang ulat ng NAPLAN para sa indibidwal na estudyante ay ipalalabas ng paaralan ng iyong anak sa katapusan ng taon. Kung hindi ka nakatanggap ng ulat, dapat mong kontakin ang paaralan ng iyong anak.

## Paano ginagamit ang mga resulta ng NAPLAN na pagsusulit?

- Maaaring gamitin ng mga estudyante at mga magulang ang indibidwal na mga resulta upang talakayin sa mga guro ang progreso.
- Ginagamit ng mga guro ang mga resulta upang mas mahusay na tukuyin ang mga estudyante na makikinabang sa higit pang mga hamon o dagdag na suporta.
- Ginagamit ng mga paaralan ang mga resulta upang tukuyin at mga kalakasan at mga bahagi na kailangang pagbutihin sa mga programa sa pagtuturo, at itakda ang mga mithiin sa pagbasa, pagsulat at pagbilang.
- Ginagamit ng mga sistema ng paaralan ang mga resulta upang repasuhin ang mga programa at suportang inaalok sa mga paaralan.
- Maaaring makita ng komunidad ang average na mga resulta sa NAPLAN ng paaralan sa [myschool.edu.au](https://myschool.edu.au)

## Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa NAPLAN:

- kontakin ang paaralan ng iyong anak
- kontakin ang inyong lokal na awtoridad sa pamamahala ng pagsusulit sa [nap.edu.au/TAA](https://nap.edu.au/TAA)
- bisitahin [nap.edu.au](https://nap.edu.au)

Upang malaman kung paano hinahawakan ng ACARA ang personal na impormasyon para sa NAPLAN, bisitahin ang [nap.edu.au/naplanprivacy](https://nap.edu.au/naplanprivacy)

Pagsusulit	Mga rekesitos sa pag-iskedyul	Tagal	Paglalarawan ng pagsusulit
<b>Pagsulat</b>	<p>Ang mga estudyante sa Year 3 ay kukuha ng pagsusulit sa papel (sa unang araw lamang)</p> <p>Ang Year 5 ay dapat magsimula sa unang araw (dapat unahin ng mga paaralan ang pagkumpleto ng pagsulat sa una at ikalawang araw lamang)</p> <p>Ang Year 7 at 9 ay dapat magsimula sa ikalawang araw (dapat unahin ng mga paaralan ang pagkumpleto ng pagsulat sa ikalawa at ikatlong araw lamang)</p>	<p>Year 3: 40 minuto</p> <p>Year 5: 42 minuto</p> <p>Year 7: 42 minuto</p> <p>Year 9: 42 minuto</p>	Ang mga estudyante ay bibigyan ng 'stimulus sa pagsulat' (na minsan ay tinatawag na 'prompt' – isang ideya o paksa) at sasabihang isulat ang sagot gamit ang isang partikular na genre (pasalaysay o mapanghikayat na pagsulat)
<b>Pagbasa</b>	<p>Upang tiyakin na ang mga online na paaralan ay makakakumpleto ng mga NAPLAN pagsusulit sa loob ng siyam-na-araw na panahon ng pagsusulit, maaaring simulan ng Year 7 at 9 na mga estudyante ang pagbasa sa unang araw; ngunit, ang pagsulat ay dapat magsimula sa ikalawang araw dahil ang pagsusulit sa pagsulat ay inuunang pahalagahan kaysa sa anumang muling na-iskedyul na mga pagsusulit sa pagbasa mula sa unang araw.</p> <p>Kukumpletuhin bago ang pagsusulit sa mga pamantayan ng wika</p>	<p>Year 3: 45 minuto</p> <p>Year 5: 50 minuto</p> <p>Year 7: 65 minuto</p> <p>Year 9: 65 minuto</p>	Ang mga estudyante ay magbabasa ng hanay ng mga teksto na nagbibigay-kaalaman, mahiraya at mapanghikayat at pagkatapos ay sasagutin ang kaugnay na mga tanong
<b>Mga Pamantayan ng wika</b>	Kukumpletuhin makaraan ang pagsusulit sa pagbasa	<p>Year 3: 45 minuto</p> <p>Year 5: 45 minuto</p> <p>Year 7: 45 minuto</p> <p>Year 9: 45 minuto</p>	Tatasahin ng pagsusulit na ito ang pagbaybay, balarila at bantas
<b>Pagbilang</b>	Kukumpletuhin makaraan ang pagsusulit sa mga pamantayan ng wika	<p>Year 3: 45 minuto</p> <p>Year 5: 50 minuto</p> <p>Year 7: 65 minuto</p> <p>Year 9: 65 minuto</p>	Tatasahin ng pagsusulit na ito ang bilang at alhebra, pagsukat at heometriya, at estadistika at probabilidad